

Ang Manwal na ito, ng Ikatlong Aklat, Ang Pangunahing Kaalaman ng Pamilya ng Diyos, ay ang pangatlong manwal mula sa mga serye ng tatlong manwal na ibinalangkas ayon sa mga sumusunod:

Unang Aklat

Ang Mga Pangunahing Kaalaman Tungkol sa Diyos

(Aklat ng pagsasanay sa pagkilala sa Diyos at sa Biblia)

- Ang Kadakilaan ng Diyos mula pa sa Kasaysayan
- Ang Pagliligtas ng Diyos
- Mga Katangian ng Diyos
- Ang mga Pangako ng Diyos

Ikalawang Aklat

Ang Mga Pangunahing Kaalaman ng Pagsasanay ng Diyos

(Mga gabay sa Pagtuturo)

- Unang Hakbang
- Ang Mga Pangunahing Kaalaman ng Pagsasanay ng Diyos

Ikatlong Aklat

Ang Mga Pangunahing Kaalaman ng Pamilya ng Diyos

(Modelo para sa mga Pamilya at Iglesia)

- Ang Pangunahing Kaalaman ng Pamilya
- Ang Pangunahing Kaalaman ng Espirituwal na Pamilya (Iglesia)
- Ang mga Praktikal na Hakbang Upang Maging Espirituwal na Magulang
- Ang mga Praktikal na Hakbang Upang Maging Malagong Espirituwal na Taga-panguna
- Mga Pagkilala at Sertipiko

***Ang mga Katanungan sa pagsusulit ng tatlong Aklat ay ibinigay sa magkahiwalay na dokumento**

Isinaling Wika ni:
Angelica Andrea A. Bohol

Copyright © 2018 ni Mike Bergen

Ang lahat ng bahagi ng publikasyon na ito ay maaaring gamitin sa anumang anyo kung ang angkop na kredito ay ibinibigay. Walang bahagi ng publikasyon na ito, maliban sa mga maikling sipi, ay maaaring gamitin sa naka-print na materyal na ibebenta nang walang nakasulat na pahintulot ni Mike Bergen na maaaring makontak sa pamamagitan ng email sa mikerbergen@gmail.com

Banal na Kasulatan na kinuha mula sa BANAL NA BIBLIYA, NEW INTERNATIONAL VERSION ®
Copyright © 1973, 1978, 1984 ng International Bible Society. Ginamit sa pamamagitan ng pahintulot ng Zondervan. Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Ang Mga Pangunahing Kaalaman ng Pamilya ng Diyos – Pambungad

Dinisenyo tayo ng Diyos upang malugod na matamasa ang isang mapagmahal na ugnayan natin sa Kanya at sa ibang tao. Ngunit hindi ito naging madali kaya't kailangan natin ang Kanyang tulong at nais din Niya na tulungan natin ang bawat isa.

Kaya nga ito ang dahilan ng Diyos kung bakit dinisenyo Niya ang Pamilya at ang Iglesia. Dinisenyo Niya ang relasyon na ito upang magtulungan ang bawat isa na lumago sa relasyon sa Kanya at sa ibang tao.

Ginawa tayo ng Diyos para sa isang mapagmahal na ugnayan natin sa Kanya at sa bawat isa. Ang Pamilya at Iglesia ay Kanyang dinisenyo para sa napakalapit na ugnayan na ito. Ang mga relasyon natin sa dalawang ito ay ang pangunahing kaalaman para sa paglago natin sa buhay at suporta na ating kakailanganin para harapin ang maraming hamon sa buhay.

Ang pinakamainam na kapaligiran para sa bawat tao ay dapat isang matatag na pamilya at matibay na espirituwal na pamilya. Marami sa atin ay hindi pinagkaloobang magkaroon ng dalawang uri ng pamilyang ito, ngunit maaari pa rin nating ipagkatiwala sa Diyos ang lahat ng bagay, na tutugunin Niya ang lahat ng ating pangangailangan sa anumang kaparaanan na nais Niyang gawin.

Ang Manwal na ito, ng Ikatlong Aklat Ang Mga Pangunahing Kaalaman ng Pamilya ng Diyos, ay nagpapakita ng plano ng Diyos na gamitin ang ating pamilya upang tulungan tayong lumago sa pag-ibig (sa Kanya at sa ibang tao) at nais o plano ng Diyos na gamitin din ang Iglesia (Espirituwal na pamilya) upang tayo ay lumago sa pag-ibig natin sa Kanya at sa bawat tao.

Ang mga sumusunod na balangkas ng manwal na ito:

Ang Mga Pangunahing Kaalaman ng Pamilya ng Diyos

Ang Pangunahing Kaalaman ng Pamilya

- Disenyo at Layunin ng Pamilya
- Tungkulin ng Pamilya

Ang Pangunahing Kaalaman ng Espirituwal na Pamilya (Iglesia)

- Disenyo at Layunin ng Iglesia
- Tungkulin ng Iglesia

Ang Pangunahing Kaalaman ng Pamilya

Nilikha ng Diyos ang tao para sa isang matatag na relasyon ng pag-ibig, kaya dinisenyo ang pamilya upang maging matatag na pundasyon para sa lahat ng aspeto ng buhay. Ito ang plano na ipinagkaloob Niya sa unang tao, ang lalaki at babae na nilikha Niya, sina Adan at Eba (Genesis 2:18-25). Ang pamilya ay unang bahagi ng plano ng Diyos para sa mga tao upang magtulungan sa bawat isa.

Ang Kahalagahan ng pamilya ang nasa isip ng Diyos, at ito ay naging maliwanag sa pamamagitan ng sinabi Niya kay Abraham sa Genesis 18:18-19. Sinabi Niya kay Abraham na gagawin Niya ang kanyang mga anak na maging pagpapala sa lahat ng mga bansa sa mundo. At ang planong ito kay Abraham ay upang ituon niya ang kanyang mga anak at buong sambahayan na sumunod sa tuntunin ng Diyos sa pamamagitan ng paggawa ng tama at makatarungan (Genesis 18:19). Sa Kabuuan sinabi ng Diyos, “Tumuon sa pagtulong sa iyong pamilya na lumakad kasama ng Diyos at magkakaroon ka ng malakas na impluwensiya sa buong mundo”.

Samantalang sa Kasaysayan, nang inihanda ng Diyos ang mundo para sa Kanyang anak na si Hesu-Kristo, sa pagdating nito, nagkaroon Siya ng kawili-wiling pahayag. “Tignan mo, susuguin Ko sa iyo ang propetang si Elias bago ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon. Ibabalik Niya ang puso ng mga ama sa kanilang mga anak at ang puso ng mga anak sa kanilang mga ama, o kung hindi, pupunta Ako at lalagyan ko ang lupain ng isang sumpa.” (Malakias 4:5-6)

Pagkatapos ay sinabi ng isang Anghel ang isang katulad na bagay na ilang daan taon na ang nakakalipas nang inilarawan niya kung ano ang gagawin ni Juan Bautista upang ihanda ang mga tao sa pagdating ni Hesu-Kristo. Sinabi ng Anghel na si Juan na tagapag-bautismo ay paparoon sa tulong ng Banal na Espiritu at sa pamamagitan ng kapangyarihang katulad ng kay Elias noon, upang ibaling ang puso ng mga ama sa kanilang mga anak.” (Lucas 1:17)

Walang alinlangan, nakikita ng Diyos ang plano Niya sa bawat pamilya na maging pundasyon upang tulungan ang ibang tao na makilala ang Diyos, nakapagdudulot ito ng malakas na impluwensiya sa mundo.

Ano ang plano ng Diyos sa bawat Pamilya? Ang Pangunahing pagtuturo ng Diyos na ibinalangkas sa dalawang aspeto:

- Disenyo at Layunin ng Pamilya
- Tungkulin ng Pamilya

Ang mga talata sa Bibliya ng dalawang aspeto na ito ay ibinigay sa mga sumusunod na pahina ng Aklat.

Disenyo at Layunin ng Pamilya

Idinisenyo para sa pag-ibig – Genesis 1:26-27

Pagkatapos sinabi ng Diyos likhain natin ang tao ayon sa ating wangis (Genesis 1:26). Mula sa talatang ito ay makikita natin ang isang katotohanan na itinuturo ng Biblia ng pasimula pa na ang Diyos ay iisa, ngunit ang Kanyang pagka-Diyos ay nahayag sa tatlong persona. Ang Diyos Ama, Diyos Anak at ang Diyos Espiritu Santo. Kaya nga palaging naroon at makikita natin ang matibay o matatag na ugnayan ng tatlo sa larangan ng pag-ibig. Isang magandang halimbawa nito ay matatagpuan sa Juan 5:19-30. Ang likhain na kawangis ng Diyos ay nangangahulugan na katulad Niya, tayo ay may kakayahang umibig gaya ng kung paano Siya umibig.

- Umiibig tayo dahil una Niya tayong inibig (1 Juan 4:19).
- Wika ng Diyos, ang pag-ibig ang pinakamahalagang katangian o karakter na dapat natin taglayin sa ating buhay (Mateo 22:37-39, 1 Corinto 13:1-13).
- Ang relasyon ng lalaki at babae na pinag-buklod ng Diyos habang buhay bilang mag-asawa ay idinisenyo ng Diyos upang sanayin ang pagmamahalan (Genesis 2:18-24).
- Ang pag-ibig ng mag-asawa sa isa't-isa ay para sa kanilang mga benipisyo. Isa din itong larawan ng pagpapakita ng Diyos ng Kanyang pag-ibig sa atin na tumanggap sa Kanya (Efeso 5:21-33).

Sa aspetong ito ang imahe ng Diyos (mapagmahal) ay binigyang diin mula pa sa pasimula ng Biblia. Ang ating relasyon sa Kanya ay nagtataglay ng kabilaang pagpapahayag ng pag-ibig at ang relasyon na idinisenyo Niya sa pagitan ng lalaki at babae ay para din sa kanilang pagpapahayag ng pagmamahal.

Ang pag-ibig ng Diyos ay dapat maipakita sa iba't- ibang paraan sa isang pamilya tulad ng ipinapakita sa Biblia.

Ang Kasal

Ang Diyos bilang manlilikha ng lahat ng bagay ay ipinaliwanag ang Kanyang disenyo para sa mga tao, mula pa sa simula sa Genesis 2:15-25. Ginawa Niya ang mga sumusunod na puntos:

- Idinisenyo Niya ang lalaki at babae para sa isang malapit na relasyon.
- Ginawa sila ng Diyos para sa isang emosyonal at pisikal na relasyon. At hindi mainam sa isang tao na mag-isa.
- Idinisenyo ang lalaki at babae para sa isang malapit na pagtutulungan sa isa't-isa.

Binanggit ni Hesus ang katulad na pahayag sa Mateo 19:4-6. Maging si Pablo ay binanggit din ang Genesis 2:24 bilang pagpapakahulugan ng sekswalidad ng naaayon sa plano ng Diyos (1 Corinto 6:16 at Efeso 5:31). Mula sa mga talata malalaman natin ang mga sumusunod na disenyo ng Diyos para sa isang Pamilya.

1. Ginawa ng Diyos ang tao para sa isang malapit na relasyon maging ito man ay emosyonal o pisikal man.

2. Kapag ang lalaki at babae ay nagtalik, sila ay nagiging isang katawan.
3. Kung ang lalaki at babae ay nagtatalik, sila ay nanatiling isang katawan at hindi kailanman maghihiwalay.
4. Ang mga bata ang bunga ng pag-iisa ng lalaki at babae.

Iba pang mga konklusyon mula sa mga talata:

- Ang pakikipagtalik nang hindi pa kasal ay isang paglabag sa plano ng Diyos, may kinalaman man o wala ang gobyerno o anumang organisasyon (Mateo 19:8-9).
- Ang plano ng Diyos para sa dalawang tao na maging isang katawan ay dahil sa ginawa Niya ang mga tao na lalaki at babae lamang. At hindi Niya sinabi na kahit sinumang tao ay maaaring maging isa kundi yaon lamang lalaki at babae.
Ang tao ay mahilig na ipilit ang kanilang mga nais na makuha. Kaysa ito ang sarili kung paano niya lubos na maisasabuhay ang katotohanan sa kanilang mga buhay. Sila Moises, ang Panginoong Hesus at si Pablo ay ibinigay ang kahulugan at pamantayan ng pakikipagtalik. At ang pamantayang ito ay para sa ating benipisyo! Ang tanong ay kaya ba nating ito ang ating mga sarili sa Pamantayan na nais o disenyo ng Diyos kaysa ipilit at mangatwiran ng walang kabuluhan.

Konklusyon

- Ang pakikipagtalik ay maaari lamang mangyari sa konteksto ng habang buhay na pagtatalaga ng sarili sa isang tao, o sa mga mag-asawa lamang.
- Ang pakikipagtalik ay maaari lamang mangyari sa lalaki at babae.
- Ang pagkakaroon ng supling ang siyang plano ng Diyos sa mag-asawa.

Ipahayag ang pag-ibig sa pamamagitan ng Kasal

At katulad nga ng sinasabi, ang Kasal ang pinaka-importante sa isang relasyon ng pag-ibig. Ang pag-ibig ay naipapahayag kapag natupad ang mga sumusunod na layunin ng Kasal.

1. Pagiging Katuwang – Genesis 2:18-24

- Katuwang sa Emosyon (hindi mainam mag-isa)- Genesis 2:18
- Pagtutulungan sa trabaho (ang asawang babae ay katuwang ng asawang lalaki).
- Pisikal na pakikipagtulungan (iisa na sila sa katawan).

2. Tularan ang halimbawa ng pagmamahal ng Diyos

Sa kabuuan ng Biblia Sinasabi ng Diyos na ang Kanyang Pag-ibig sa mga tao ay dapat maging halimbawa ng pag-ibig sa lahat ng uri ng relasyon. Ito ang dahilan kung bakit inihahambing ng Diyos ang pagmamahal Niya sa Kanyang mga anak sa pagmamahal ng isang mag-asawa.

- Isaia 54:5 – “Sapagkat Ako na lumikha sa iyo ay para mong asawa, sinabi ito ng Diyos sa bansang Israel. Ipinapakita nito na ang Diyos ay naghalintulad ng Kanyang pag-ibig sa pag-ibig ng mag-asawa bilang isa sa mga pinakamatatag na uri ng pag-ibig.

- Efeso 5:25-30 – Dapat na ialay ng asawang lalaki ang kanyang sariling buhay para sa ikabubuti ng asawang babae, katulad ng ginawa ni Hesus para sa Iglesia.
- Efeso 5:31 at Mateo 19:19 – Ang kasal ay hindi dapat sirain, tulad ng pagmamahal at pangako ng Diyos sa atin na hindi kailanman nasira. Ginawa itong maliwanag ng Diyos kay Hoseas ng hilingin Niya na pakasalan niya ang isang babaeng nakikiapid (Hosea 1:2-3). Sinabi ng Diyos na ang relasyon ni Hoseas sa isang nakikiapid na babae ay isang halimbawa ng relasyon ng Diyos sa Israel. Ang Diyos ay palaging tapat sa Kanyang mga pangako sa Israel, ngunit ang Israel ay iniwan Siya.
- Pahayag 19: 7-9 – Laging inihahambing ng Diyos ang Kanyang relasyon sa lahat ng Kanyang mga anak tulad ng isang lalaki na ikakasal sa kanyang kasintahang babae.

3. Pagkakaisa

Pinagpapala ng Diyos ang nagkakaisa (Awit 33 at Juan 17:20-23). Ang tao na kaisa natin sa “isang katawan” ang pinakamahalagang tao na dapat nating makasama. Ang relasyon natin sa ating asawa ay ang dapat na pangunahing prayoridad.

Malalaman ng mundo kung sino si Hesus kapag nagkakaisa ang Kanyang mga anak. Makalawang inulit ito ng Panginoong Hesus sa Kanyang huling panalangin kasama ng Kanyang mga alagad (Juan 17:20-23). Walang ibang pakikipag-ugnayan ang mas hihigit pa kaysa sa pagsasanay ng pagkaka-isa.

Mga Praktikal na Payo bago Isaalang-alang ang Pag-aasawa

Sapagkat ang pag-aasawa ay plano ng Diyos, madalas hindi ito nagiging maayos maliban na lamang kung ang Diyos ang Pinuno (Panginoon) ng bawat buhay ng mag-asawa. Kapag sila ay panatag sa pag-ibig ng Diyos, sila ay malugod na susunod na gawing Panginoon ang Diyos sa anumang aspeto ng buhay nila. Ang pagsasakripisyo sa pag-ibig ay mahalagang gawain sa buhay mag-asawa. Ito ay halos imposibleng gawin maliban na lamang kung sila ay panatag sa pag-ibig ng Diyos sa kanilang buhay mag-asawa.

Ang ibig sabihin nito na ang sinumang taong isinasaalang-alang ang pag-aasawa ay dapat munang tiyakin na sila ay panatag sa pag-ibig ng Diyos at gumawa ng personal na pangako sa Diyos (Hesu-Kristo) na Siya lamang ang magiging pinuno (Panginoon) ng kanilang buhay. Maaaring magkaroon ng talakayan sa kapareha upang malaman kung ginagawa rin niya ang parehong pangako at kung paano nila ginugugol ang buhay nila kay Kristo bilang kanilang Panginoon. Gayundin naman dapat na magpatotoo ang ibang tao na nakakakilala sa kanila na ito ang realidad ng buhay. Ngunit maliwanag kung hindi Panginoon ang Panginoong Hesus sa kanila, isang matalinong desisyon na huwag na lang pumasok sa buhay mag-asawa.

Ang mga tungkulin ng mag-asawa at nang bawat kasapi ng Pamilya ay idinisenyo ng Diyos – Efeso 5:21- 6:4

- Ang bawat miyembro ng pamilya ay dapat na nagpapasakop sa iba pang miyembro nito. (5:21)
- Mga asawang babae ay dapat magpasakop sa kanilang mga asawang lalaki tulad ng pagtitiwala nila kay Hesu-Kristo (5:22-24).
- Mga asawang lalaki mahalin ninyo ang inyong mga asawang babae sa pamamagitan ng pag-aalay ng inyong buhay katulad ng pag-aalay ni Kristo ng Kanyang buhay para sa Iglesia. (5:25-33).
- Mga anak sundin ninyo ang inyong mga magulang (kung nakatira pa sa bahay ng magulang ay dapat magpasakop sa awtoridad ng magulang) (5:1).
- Mga anak igalang ninyo ang inyong mga magulang buong buhay (5:2-3).
- Mga Ama ang may pangunahing responsibilidad na turuan ang mga anak. (6:4).

Ang mga Kalalakihan ay idinisenyo upang maging responsableng mga pinuno

- Efeso 5:25-31- Responsibilidad ng mga asawang lalaki na tugunin ang pangangailangan ng kanilang mga asawang babae.
- Efeso 6:4 – ang mga asawang lalaki (mga ama) ang may pananagutan sa pagsasanay ng kanilang mga anak.
- 1 Timoteo 3:1-5 – Ang mga asawang lalaki ay may pananagutan sa pamamahala ng kanilang pamilya, kasama ang pangangalaga ng pamilya at ang mga kilos ng kanyang mga anak.
- 1 Pedro 3:7 – Ang mga asawang lalaki ay dapat mamuhay kasama ng kanilang mga asawang babae sa paraan nang may pag-unawa at pagpapakita sa kanila ng paggalang at karangalan. Ito’y nangangahulugan na ang lalaki ay dapat irespeto ang opinyon ng kanyang asawa bilang pantay na mahalaga tulad ng kanyang sariling opinyon. Kung mabigo siyang parangalan at igalang ang kanyang asawang babae bilang pantay na mahalaga sa kanyang sarili, ang talatang ito ay nagsasabi na ang kanyang panalangin ay nahahadlangan. Ito rin ay nangangahulugang ang kanyang ministeryo (sa bahay, sa trabaho, o kahit saan pa) ay may hadlang.
- Ang pagpapakasal ng lalaki ay **batayan ng Diyos upang siya ay gamitin na maglingkod sa ibang tao**. Itinuturo ng Biblia na ang responsibilidad ng isang asawang lalaki sa kanyang asawang babae at sa kanyang pamilya ay ang kanyang pangunahing prayoridad. Kung natutuhan niyang mahalin ang kanyang asawang babae sa paraan ng pagmamahal ni Kristo sa Iglesia. Mas epektibo rin siya sa pagmamahal sa iba pang mga tao at matutugunan niya ang kanilang mga pangangailangan. Sa kabaligtaran, ang pagbagsak ng kanyang buhay may-asawa ay magkakaroon ng negatibong epekto sa kanyang ministeryo sa ibang tao.
- Ang pakikiisa ng asawang lalaki sa kanyang asawang babae ay **isang paraan upang abutin ang mundo** ng pag-ibig ng Diyos at katotohanan, tulad na makadalawang beses na sinabi ni Hesus sa Kanyang Ama sa Juan 17:20-23 (batay sa prinsipyo na ang ating mga asawa ang pinaka mahalagang tao na dapat nating makasama).

- Ang mga asawang lalaki ay dapat na **mamuno nang katulad ng isang lingkod o alipin**, hindi na humihingi ng sapolitang pagpapasakop ng kanyang asawang babae sa kanya, gaya ng ginawa ni Hesus sa atin (Filipos 2:3-8). (Nasa asawang babae ang pagpili kung nais niyang sundin ang utos ng Diyos sa pagpapasakop sa asawang lalaki, hindi ito responsibilidad ng asawang lalaki na hingin mula sa kanya. Gayundin naman nasa asawang lalaki kung nais niyang sundin ang utos ng Diyos na mahalin ang kanyang asawang babae ng hindi ipinipilit). Kung mas higit pa ang ginagawang pag-unawa at paggalang ng asawang lalaki sa kanyang asawang babae na katulad ng nasusulat sa 1 Pedro 3:7 na itinuturo, mas malamang na piliin ng asawang babae na sumailalim sa pamumuno ng kanyang asawa.
- Ang mga asawang lalaki ang may **pangunahing pananagutan sa pagkakaroon ng pagkakaisa** sa buhay may-asawa, ngunit karamihan ng asawang lalaki ay sinisipi nila ang kanilang mga asawang babae na hadlang sa layuning ito dahil sa hindi nila pagpapasakop. Sa 1 Pedro 3:7, sinabi ni Pedro na tutugunin ng Diyos ang mga panalangin ng asawang lalaki kung inuunawa niya ang kanyang asawa, nirerespeto at ginagalang. Ang asawang lalaki ang may pangunahing pananagutan kung paano kikilos ang Diyos sa kanilang buhay mag-asawa.

Ang mga asawang babae ay dinisenyo upang maging napakahalagang Katuwang

- Katulad ng Ama, Anak at ng Banal na Espiritu Santo sila ay magkakapantay ngunit may iba't – ibang tungkulin, gayundin naman ang mag-asawang lalaki at babae, sila ay pantay ngunit may iba't-ibang tungkulin na ginagampanan. Walang sinuman sa kanila ang mas mataas o mas mababa, sila ay nagkakaiba lamang sa tungkulin na ginagampanan.
- Dinisenyo ng Diyos ang lalaki na mamuno at ang babae ang pinakamahalaga niyang katuwang (Genesis 2:18-24). Ang maging katuwang ay isang napakataas na uring pagkatawag noon pa man sapagkat ito ay nagpapakita ng imahe ng Diyos-- Ang Diyos ang ating dakilang katuwang (Mga Awit 54:4 at Juan 14:16,26).
- Idinisenyo ng Diyos ang mga babae na maging katulong o katuwang, mahalagang pagpapakita nito ng kusang-loob at nakikiisang katangian. Ang tunay na pagpapasakop ay tulad ng pag-ibig na maaari lamang mangyari kapag ito ay kusang-loob at hindi ipinilit. Hindi pinipilit ng Diyos ang mga tao na mahalin Siya, at ang asawang lalaki ay dapat hindi kailanman pilitin ang kanyang asawang babae na magpasakop sa kanya sa anumang paraan. Kapag ang tunay na pagpapasakop ay nangyari mula sa puso ito ay napakaganda at kahali-halina (1Pedro 3:3-6). Ang pagpapasakop sa Diyos at sa iba pang tao ay idinisenyo ng Diyos para sa lahat (Efeso 5:21). Subalit ang Diyos ay nagbigay ng mahalagang tagubilin sa mga asawang babae patungkol sa kusang-loob na pagpapasakop sa kanilang mga asawang lalaki (Efeso 5:22-24 at 1 Pedro 3:1-6). Itong bilin ng Diyos ay lubhang mahirap kung hindi tinutupad ng asawang lalaki ang kanyang tungkulin na mahalin ang kanyang asawa katulad ng pagmamahal ni Kristo sa Iglesia. Isang paulit-ulit na hamon sa mga babae na magpasakop sa kanilang mga asawa sa kadahilanang walang perpektong asawa. Datapuwa't kanyang ituon ang mga pangangailangan niya sa Panginoon na Siyang tutugon ng mga ito kaysa hanapan ang asawa (1Pedro 3:1-6).

- Ang tunay na pagpapasakop ay hindi nangangahulugan na ang babae ay dapat na laging tahimik at hindi malayang sabihin ang kanyang saloobin sa mga bagay bagay. Matutulungan niya ang kanyang asawang lalaki na unawain ang mga bagay-bagay na hindi niya napapansing mahalaga. Maaari niya itong gawin sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kanyang obserbasyon at karanasan. Ang pagpapasakop ay hindi rin nangangahulugan na hindi na siya maaaring manguna sa mga pagplano. Ang pag-uusap at pagkukusa ay napakalaking tulong na magagawa ng babae sa kanyang asawang lalaki.

Ang tunay na pagpapasakop, kagaya ng Pag-ibig, ay maaari lamang maganap kung ito ay boluntaryo at hindi pinipilit. Hindi pinuwersa ng Diyos ang tao upang Siya ay mahalín, at ang asawang lalaki ay hindi maaaring pilitin o hingin sa asawang babae na magpasakop sa kanya sa anumang paraan. Kung ang tunay na pagpapasakop ay nangyayari na naggaling sa puso ito ay sadyang maganda at kaaya aya (1 Pedro 3:3-6).

Ipakita ang Pag-ibig sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga Anak

Ang pagkakaroon ng mga anak ay kasama sa plano ng Diyos upang maraming tao ang kanyang ibigin (Genesis 1:26-28). Nilikha ang tao upang sila ay magparami. (Ito ay karaniwan ngunit minsan ay ginagawa ng Diyos ang mga bagay na iba para sa mga espesyal na kadahilanan tulad ng hindi pagkakaloob sa mag-asawa ng kakayahang magkaroon ng anak). Ang pag-ibig ay nahahayag kapag ang mga sumusunod ay natupad.

1. Ang Ama ay dapat na malugod sa kanyang mga anak – Malakias 4:5-6

Tulad nga ng sinasabi sa panimula, nang inihahanda ng Diyos ang mundo para sa pagdating ng Kanyang anak na si Hesu-Kristo, Siya ay gumawa ng isang kagiliw-giliw na pahayag “sundin ninyo ang kautusang ibinigay ng aking lingkod na si Moises. Ang mga utos at mga alituntunin upang sundin ng lahat ng mamamayan ng Israel. Makinig kayo! Bago dumating ang nakakapangilabot na araw ng aking pagpaparusa, isusugo ko sa inyo si propeta Elias. Ibabalik nya ang magandang relasyon ng mga magulang at mga anak, upang pagdating ko ay hindi ko na isumpa ang inyong bayan. (Malakias 4:5-6). Ang kaluguran ang mga anak ay isang mahalagang layunin ng pag-ibig.

Ilang daang taon na din ang lumipas nang ihayag ng anghel ng Panginoon ang magiging katungkulan ni Juan Bautista upang ihanda ang mga tao sa pagdating ng Panginoong Hesus. Wika ng anghel, si Juan Bautista ay “sasangkapanin ng Espiritu at Kapangyarihan na katulad ng kay Elias upang matuon ang puso ng mga ama sa kanilang mga anak” (Lucas 1:17). Walang pag-aalinlangan ang relasyon ng ama sa kanilang mga anak ay lubhang napakahalaga.

2. Ang sanayin ang anak ay ang pinakamahalaga upang tulungan ang mga tao sa buong mundo – Genesis 18:17-19

Mayroong plano ang Diyos kung paano magiging pagpapala si Abraham sa ibang tao. Ito ay simpleng plano lamang ngunit malalim ang kahulugan. Ito ang sinasabi ng Diyos,

Sapagkat pinili Ko siya upang maging ama ng isang malaki at makapangyarihang bansa. Sa pamamagitan niya, ang lahat ng mga bansa sa daigdig ay Aking pagpapalain. Pinili ko si Abraham upang turuan niya ang kanyang lahi na sumunod sa aking mga utos, sa pamamagitan

ng paggawa ng matuwid at pagpapairal ng katarungan. Kapag nangyari yun tutuparin ko ang Aking pangako sa kanya (Genesis 18:18-19 NIV).

Dalawang Uri ang mapapansin natin sa Plano ng Diyos:

- Ang plano ng Diyos kay Abraham ay ituon niya ang kanyang buong atensyon sa pagsasanay ng kanyang Pamilya ng naaayon sa pamantayan ng Diyos. Ito ay nangangahulugan na higit pa sa pagbibigay ng kaalaman, kundi tulungan na **panatilihin** ang pamantayan ng Diyos sa pamamagitan ng **paggawa** ng tama at mabuti.
- Ang plano ng Diyos kay Abraham ay maimpluwensyahan niya ang buong mundo sa pamamagitan ng pagtuon ng kanyang sarili sa pamilya niya. Iniibig ng Diyos ang mundo (Juan3:16-17). Sinabi Niya kay Abraham ng paulit-ulit kung ano ang Kanyang Dakilang plano, na gagamitin siya at ang kanyang lahi na maging pagpapala sa lahat ng tao sa mundo (Gen.12:2-3). At ang paraan na maging pagpapala siya sa lahat ng tao sa mundo, ang ituon niya ang kanyang sarili sa pagsasanay ng kanyang pamilya na lumakad sa panuntunan ng Diyos (Gen.18:18-19). Ang plano ng Diyos sa Israel na maging dakila ay base na din sa mga pamilya (Bilang 1:44-45). Ang istraktura ng mundo ay base sa pamilya. Ang pinuno ng Israel ay siya ring mga lider ng bawat tribo (Bilang 32:28). Ang pagsasanay sa mga anak ay kinakailangang gawin ng bawat pamilya (Deuteronomio 6:4-9).

Kung sasanayin natin ang ating mga anak, hindi lamang sila makakatulong kundi sila ay magiging pagpapala sa mga taong nakapaligid sa kanila, ang pagsasakatuparan ng pag-ibig ng Diyos.

Ang Kabuuan ng Disenyo at Layunin ng Pamilya

Ang kasal na pinatatag ng pag-ibig at pagkakaisa ay siyang pinakamainam na pundasyon ng matatag na pamilya at ang matatag na pamilya ay lilikha ng isang matatag na Iglesia at komunidad. Ang Iglesia na puno ng pag-ibig at matatag na pamilya ay siyang magandang impluwensya sa mundo na puno ng kaguluhan, puno ng pasakit at paghihirap.

Ang Tungkulin ng Pamilya

Hindi nagmamaliw na pag-ibig – 1 Corinto 13:1-3

Ang lahat ng tungkulin at responsibilidad ng bawat kasapi ng pamilya na kanilang ginagampanan sa loob ng tahanan ay dapat magawa nila nang may pagmamahal.

(Tandaan: Ang mga ama ay kung minsan nagagamit sa maling pamamaraan ang kanilang mga kapangyarihan sa pamumuno ng kanilang pamilya na nakakapagdulot ng pagkagalit. Ang Diyos sa pamamagitan ni Pablo ay nagbabala sa magiging masamang epekto nito Efeso 6:4 at Colosas 3:21. Mapagpakumbaba, nagpapasakop na pag-ibig ganyan ang uri ng pamumuno mayroon ang Diyos – hindi lamang sa mga ama kasama na rin ang mga namumuno ng Iglesia. Ihambing ang 1 Pedro 5:1-4).

Mahalin ang inyong mga magulang – Exodus 20:12, Efeso 6:2-3

Ang pag-ibig sa magulang ay makikita sa pamamagitan ng paggalang sa kanila. Igalang n'yo ang inyong ama't ina, ito ang unang utos na may kasamang pangako – “giginhawa ka at hahaba ang buhay mo dito sa lupa” (Efeso 6:3).

- Ito ang utos na para sa lahat, para sa ating mga sarili, sinuman ang ating magulang o anuman ang kanilang mga nagawa.
- Mas lalo natin matututunan ang pagmamahal ng walang kondisyon (sa pagbibigay galang) sa ating mga magulang na karaniwan nating kilala kaysa sinumang tao, mas lalo pa natin matututunan ang magmahal sa iba.

Ang Pag-ibig sa Pamilya ay nangangahulugang sila ang pangunahing prayoridad – 1 Timoteo 5:8

Ang talatang ito ay inilalahad na ang mga magulang ay nararapat na ipagkaloob ang pangangailangan ng pamilya bilang isa sa mga pangunahing prayoridad.

Mga asawang lalaki ang mahalin ang inyong mga asawang babae ang siyang pangunahing prayoridad na relasyon sa lahat. Ito ay nangangahulugan na ang mahalin siya ay katulad ng dakilang pagmamahal ni Kristo sa Iglesia (Efeso 5:25). Isinasantabi ang sariling kaligayahan upang maipagkaloob lamang ang pangangailangan ng asawang babae (Filipos 2:3-7). Ito ay nangangahulugan ng pag-aalaga sa babae katulad ng kanyang sarili (Efeso 5:28-29) na ang pangalagaan ang babae ay isang pinakaunang prayoridad kaysa sa ibang tao.

Ang pagtugon sa pangangailangan ng bawat kasapi ng pamilya ay nangangahulugan na nauunawaan natin ang kanilang kailangan sa tatlong kategorya:

- Pisikal at Materyal
- Emosyonal
- Espirituwal

Kung ang ama ay nagtatrabaho lamang upang tugunin ang pangangailangan ng ibang tao, at isinasantabi ang kanyang asawa o mga anak (ito man ay pisikal, emosyonal o Espirituwal) siya ay nawawala sa plano ng Diyos bilang isang mabuting asawa at ama.

Pisikal at Materyal na pangangailangan - Ito ang pinakaimportanteng pangangailangan sa tingin ng iba. Madalas ito'y madaling makita kung hindi mo natutugunan lalo na sa pangangailangan ng mga bata. Subalit kailangan maging maingat ang mga lalaki na bigyang pansin ang pangangailangan ng asawang babae sa pisikal at materyal na bagay. Madalas ang mga babae nakikita nila ang iba't- ibang bagay sa ibang paraan na nakikita ng mga lalaki. Kaya nga't ang mga lalaki ay kinakailangan na maging sensitibo hingil dito at hingin ang tulong ng Diyos upang katagpuin ang kanilang pangangailangan.

- Pisikal na pagmamahal – 1 Corinto 7:3-5. Ang pag-ibig ay dapat mapagbigay kaysa tumatanggap lamang. Ang mag-asawa ay para sa isa't – isa, ito'y upang matugunan ang pangangailangan at pagnanasa nila sa bawat isa. Kusang- loob at hindi napipilitan lamang.

Emosyonal na pangangailangan – Isa rin sa pinakaimportanteng aspeto ng pagmamahal sa tao ay ang matugunan ang kanilang emosyonal na pangangailangan. Isa sa mga halimbawa nito ay si Pablo, ginawa niya ito sa mga Kristiyanong taga-Tesalonica. Isinulat niya “Alam ninyong katulad ng isang ama sa kanyang mga anak ang turing namin sa bawat isa sa inyo, **pinalalakas, kinakalinga** at **hinihikayat** na mamuhay nang karapat-dapat sa Diyos” (1 Tesalonica 2:11-12). May mga ilang mahalagang dahilan upang matugunan ang emosyonal na pangangailangan:

- Ang kabaligtaran ng isang ama na nagagalit sa kanyang anak (Efeso6:4) ay isang ama na puno ng pang-unawa patungkol sa emosyonal na pangangailangan ng kanyang anak at ang matugunan iyon ay nagdudulot ng kasiyahan at kapayapaan sa mga anak.
- Ang unawain ang isang tao ay nangangailangan ng panahon at lakas. Sapagkat ang tao ay pabago- bago ng isip at sila ay palaging may panibagong karanasan ito ay habang buhay na gawain na nangangailangan ng panahon ng bawat kasapi ng pamilya. Ang gawin ang lahat ng ating makakaya upang maunawaan ang ating mga asawa ay pinakauuna nating prayoridad. Dahil ito'y sinabi ng Panginoon, sila ang unang prayoridad ng ating pag-ibig.
- Napakadaling pabayaang emosyonal na pangangailangan ng mga bata subalit ang kanilang emosyonal na pangangailangan ay katumbas din ng halaga ng kanilang pisikal at materyal.

Espirituwal na pangangailangan – Hindi natin mapipilit ang mga tao na magkaroon sila ng relasyon sa Diyos (ang pinakamahalagang relasyon dapat mayroon ang bawat isang tao), subalit

may mga bagay tayong maaaring magawa kung tayo ay makikipagtulungan sa Espiritu ng Diyos na Siyang kumikilos sa buhay ng ating asawa at mga anak.

- Efeso 5:26-28 – Sa mga asawang lalaki maipapakita nila ang kanilang pag-ibig sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang asawang babae na mahayagan ng salita ng Diyos. Katulad din ito sa ating mga anak, ayon sa nasasaad sa Deut. 6:4-9.
- Ang ating mga anak ay ang una nating prayoridad na madisipulo. Nang sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad humayo kayo at gawin ninyong alagad ang lahat ng bansa, dapat nating tandaan ang habilin ng Diyos kay Abraham (Genesis 18:18-19), at kung ano ang sinabi ng Diyos kay Moises (Deut.6:4-9). Ang kapabayaang sa pagtugon ng espirituwal na pangangailangan ng ating mga anak ay isang napakaseryosong bagay katulad ng hindi pagtugon sa kanilang materyal na pangangailangan (1 Timoteo 5:8).
- Ang panalangin para sa ating asawa at mga anak ang pinaka-una nating prayoridad bilang mga magulang. Sa 1 Timoteo 2:1 at Efeso 6:18 tayo ay tinuruan na manalangin para sa lahat ng tao at 1 Timoteo 5:8 ay isang paalala na ang ating mga anak ang pinaka-una nating prayoridad sa ating mga responsibilidad. Ang halimbawa ni Pablo kung paano siya nanalangin para sa kanyang espirituwal na mga anak ay isang mahalagang halimbawa para sundin ng mga magulang. Ang pangunahing bagay na kanyang idinalangin para sa mga tao ay makilala nila ang Diyos nang mas mahusay tulad ng sa Efeso 1:15-21. Ito ay ang pinakamahalaga dahil mas mabuti na makilala nila ang Diyos at mas lalo pa na ang bawat aspeto ng kanilang buhay ay maapektuhan. Ang paghiling sa Diyos araw-araw na tulungan ang kanilang mga anak na makikilala siya ay isang importanteng istrategiya para sa mga magulang.

Ang pagmamahal sa mga anak ay nangangahulugang turuan at sanayin sila – Deuteronomio 6:4-9

Ang plano ng Diyos kay Abraham ay ituon niya ang kanyang sarili sa pagsasanay sa kanyang pamilya (Genesis 18:18-19). Ito ay muling inulit kay Moises nang pamunuan niya ang lahi ng Israel (Jacob). Deut.6:4-9 sinasabi nito ang katuruan, mula sa mga talatang ito ay makikita natin ang mga sumusunod:


- Kahit na napakaraming bata na dapat turuan, ang sabi ng Diyos ang pinaka-epektibong pagtuturo sa kanila ay sa pamamagitan ng kanilang mga magulang. Hindi sinabi ng Diyos kay Moises o sa sinumang lider na maganda na turuan nila ang napakaraming grupo ng bata, sa halip sa mga magulang, na gawin ang pagtuturo at pagsasanay sa kanilang mga anak.
- Turuan sila sa lahat ng pagkakataon sa lahat ng aspeto ng buhay kasama ang mga magulang (habang naglalakad, nakaupo, kumakain o kahit na nagpapahinga).

- Napakaraming paraan ng pagtuturo ang maaaring gamitin (pakikipag-usap, pagsulat sa mga tanda at simbolo), pero nasa magulang pa rin ang responsibilidad sa lahat ng ito.

Ang pundasyon ng Pag-ibig ay Pag-asa at Pagtitiwala sa Diyos – 1 Pedro 3:1-7

Ang pag-asa at pagtitiwala sa Diyos ang kinakailangan na pundasyon ng bawat relasyon ng pamilya. Kung wala tayong kasiguraduhan na ipinagkakaloob ng Diyos ang lahat ng ating pangangailangan nang buong pagmamahal, napakahirap na ilaan natin ang ating buhay sa pagmamahal sa ibang tao.

- Ang mga asawang babae ay hindi makapagpapasakop ng buo sa kanilang mga asawang lalaki nang hindi inilalagak ang kanilang pag-asa na ang Diyos ang mangangalaga sa kanila (1Pedro 3:1-6). Ito’y nangangahulugan din na ang mga asawang babae ay hindi dapat ipilit na sila ay mahalin ng kanilang mga asawa.
- Ang mga asawang lalaki ay hindi buong mamahalin at rerespetuhin ang kanilang mga asawang babae nang hindi inilalagak ang kanilang pag-asa sa Diyos (1Pedro 3:7). Ito’y nangangahulugan din na ang mga asawang lalaki ay hindi dapat na ipilit sa asawang babae na magpasakop sa kanila.



Ang ipinapakita ng dayagram na ito ay kung paano ito nangyayari. Kung ang asawang lalaki ay may pagtitiwala sa Diyos ng kumpleto at nalalaman ang walang kondinsyong pag-ibig ng Diyos para sa kanya (100% na pagmamahal) napakadaling ibigay din ang 100% na pagmamahal sa kanyang asawang babae, kahit na 0% na pagmamahal ang kanyang natatanggap mula sa kanyang asawa. Samantala, ang taong hindi alam ang pag-ibig ng Diyos sa kanya ay mahihirapang magbigay ng 100% na pagmamahal sa ibang tao, maliban na lamang kung siya ay makatanggap ng maraming pag-ibig mula sa iba.

Si Jose ay isa sa mga may napakagandang halimbawa ng pagtitiwala sa Diyos na naging batayan niya upang siya ay magpatawad at magkaayos ng kanyang mga kapatid sa kabila ng malupit na pagtrato sa kanya ng mga ito. Sa kabuuan inilahad ni Jose ang kanyang pagtitiwala sa Diyos ng lumapit sa kanya ang mga kapatid niya, natakot sila baka kung anong higanti ang kanilang matatanggap. Sinabi niya sa mga ito.

“At sinabi ni Jose sa kanila, Huwag kayong matakot, sapagkat nasa kalagayan ba ako ng Diyos? At tungkol sa inyo ay inyong ipinalagay na kasamaan laban sa akin; nguni't ipinalagay ng Diyos na kabutihan upang mangyari ang gaya sa araw na ito, na iligtas ang

buhay ng maraming tao. Kaya nga huwag kayong matakot: aking pakakanin kayo at ang inyong mga bata. At kaniyang inaliw sila at kaniyang pinagsalitaan sila na may kagandahang loob". (Genesis 50:19-21)

Mga Praktikal na Konsiderasyon

Isaalang-alang ang mga sumusunod na katanungan para sa inyong mag-asawa at pamilya. Ang bawat tanong ay isang aplikasyon ng prinsipyo sa biblia na napatunayan na kapaki-pakinabang para sa maraming mag-asawa at pamilya.

- Tuwing kailan ginagawa ng mga mag-asawa ang pagkakaroon ng panahon upang makinig sa bawat isa, unawain ang bawat isa at malayang napag-uusapan ang bawat aspeto ng kanilang buhay na magkasama?
- Tuwing kailan ginagawa ng mga magulang ang magkaroon ng panahon sa kanilang pamilya na sila ay masayang magkakasama at walang ibang tao na nakapaligid kundi ang pamilya lamang?
- Tuwing kailan ginagawa ng mag-asawa ang manalangin nang magkasama?
- Tuwing kailan ginagawa ng ama ang magkaroon ng panahon sa pagbabasa ng biblia (o pagtalakay sa biblia) at pananalangin kasama ang buong pamilya?
- Gaano kadalas nanalangin ang ama para sa kanyang mag- anak at ano ang kanyang hinihiling na gawin ng Diyos sa buhay ng kanyang mga anak?
- Kapag ang bata ay hindi sumusunod, paano tinutulungan ng mga magulang ang anak? Ano ang mga pagtutuwid ang ipinatutupad ng mga magulang? (Ang espiritu ng Diyos, at hindi ng magulang, ang nagbabago sa puso ng mga anak. Ang tungkulin ng magulang ay tulungan ang mga anak na makita nila ang kanilang pangangailangan kay Kristo, palaging manalangin upang ang Banal na Espiritu ang Siyang kumilos sa puso ng mga anak).

Ang Pangunahing Kaalaman ng Espirituwal na Pamilya (Iglesia)

Nang si Hesu-Kristo, ang ating mapagmahal na manlilikha ng buong kalawakan ay pumarito sa mundo (Hebreo 1:2), pumarito Siya upang iligtas ang sangkatauhan, at hindi hatulan sila (Juan 3:17). Pumarito Siya upang palayain ang mga tao mula sa kasalanan at walang hanggang kamatayan (Marcos 10:45) at magbigay ng pag-asa sa isang wasak na mundo. Sinabi Niya sa mga tao na naparito Siya upang “ipangaral ang mabuting balita sa mga mahihirap, ipahayag ang kalayaan ng mga bilanggo, muling ibalik ang paningin ng mga bulag at palayain ang mga api” (Lucas 4:17-21).

Subalit si Hesu-Kristo ay namatay, inilibing at nabuhay muli pagkatapos ng tatlong araw at bumalik muli sa langit. Ngayon sino ang magpapatuloy ng Kanyang mga ginawang tulong at pagliligtas? Si Hesu-Kristo pa rin! Ipinadala Niya ang Banal na Espiritu upang Manahan sa puso ng bawat nagtitiwala sa Kanya (Juan, 14:16-17, Efeso 1:13-14), at Kanyang binilinan ang mga tagasunod Niya na sila ay magka-isa at magsama-sama upang ipagpatuloy ang Kanyang nasimulang ministeryo habang Siya ay kasama pa nila. Ito ang Espirituwal na Pamilya!

Sa Kanyang maikling panahon na inilagi sa mundong ito, ipinakilala ni Hesu-Kristo ang konsepto ng Espirituwal na Pamilya sa Kanyang mga taga-sunod. Ang konseptong ito ay Kanyang itinuro at inihalimbawa sa Kanyang mga alagad. Ang nag-iisang kwalipikasyon upang maging miyembro ay pagpapakumbaba at pagtitiwala sa tagapanguna, walang iba kundi ang Panginoong Hesus. Hindi mahalaga kung mahina, mahirap, lugmok o kaawa-awa ang isang tao, ang sinumang nais mapabilang sa samahan na ito ay maaaring sumali. Tinawag ng mga alagad ni Hesus ang Espirituwal na Pamilya na “Iglesia”, sinabi ni Hesus na walang sinuman sa mundong ito ang maaaring humadlang kahit na ang pintuan ng Hades ay hindi mapipigilan ang pagdami ng samahan na ito (Mateo 16:18).

Ang Kahalagahan ng Espirituwal na Pamilya

Ang Panginoong Hesus ang pinaka-epektibong guro na nakilala sa buong mundo. May mga ibang tao na nagsasabi mas makakatulong sana ang Panginoong Hesus sa mga tao kung nagpasimula Siya ng Paaralan o Unibersidad kung saan daan o libong tao ang nakapag-aral ng Kanyang mga turo. Walang pag-aalinlangan si Hesus ay nakumbinsi na ang pinaka-epektibong paraan upang tulungan ang mga tao sa mundo ay sa pamamagitan ng pagbabahagi ng salita ng Diyos sa nakararami, subalit Siya ay namuhay lamang kasama ng ilang tao (gaya ng Espirituwal na Pamilya) at sinabi Niya gawin din ito sa ilang tao (Mateo 28:20).

Ang Solusyon ng Diyos para sa Wasak na Mundo

Sapagkat ang mga tao ay naghahanap ng pag-asa at kasagutan sa mundo na wasak, puno ng pasakit at paghihirap, marami nang mga iba’t-ibang solusyon ang inilatag tulad ng iba’t-ibang uri ng gobyerno, maraming edukasyon at maraming pera. Subalit ang mga solusyon na ito ay hindi umaabot sa tunay na ugat ng problema, kung saan ang kasalanan ang problema ng bawat tao. Ang kasalanan, ang nagwasak sa relasyon sa Diyos at mga relasyon sa tao. Ang isyu ng kasalanan ang pinaka-ugat ng lahat ng problema sa mundo. Ang Panginoong Hesus ay pumarito

upang magbigay ng kapatawaran sa lahat ng uri ng kasalanan (at walang sinuman ang makagagawa nito) na nagbukas ng pintuan ng pagkakaayos ng relasyon natin sa Diyos at tao. Sa paggamot ng pinaka-ugat ng kasalanan, nagkaroon ng matatag na pundasyon para magbigay ng tulong sa iba't-ibang aspeto ng taong nahihirapan sa mundo.

Ito ang dahilan kung bakit ang ating manlilikha at tagapagligtas ay nagtatag ng Iglesia! Kahit na ang Iglesia ay puno ng mga mahihinang tao na dumaranas din ng mga katulad na problema na dinaranas ng iba, ang Iglesia ay instrumento ng Diyos upang tulungan ang mga tao na mahanap ang kasagutan sa ugat ng problema ng kasalanan.

- Para sa lahat ng mga nag-aalala sa korupsiyon at kawalan ng hustisya sa mundo at sa mga nais ng pagbabago sa edukasyon at pinansiyal ay hindi makakapanagumpay nang hindi nareresolba ang isyu ng kasalanan at kasakiman.
- Para sa lahat ng mga nag-aalala sa dami ng taong namamatay dahil sa digmaan at terorismo, at sa mga nagnanasa ng epektibong pagbabago, ang lakas at puwersa ng sundalo ay hindi magkakaroon ng epekto maliban na lamang kung ang puso ng tao ay mabago.
- Para sa lahat ng naghahanap ng kasagutan sa sakit, karamdaman at kanser na pumapatay sa nakararami, mabuti na alalahanin natin na ito'y mababaw na problema lamang at ito'y magiging liwanag sa puso ng bawat tao.
- Para sa lahat ng nag-aalala tungkol sa sambayanan na nabubuhay sa labis na kahirapan at kagutuman na nagdudulot ng kamatayan sa buong mundo, ang edukasyon at salapi ay hindi makaaalis ng ugat ng kasalanan na nagdudulot ng lahat ng uri ng kasakiman at pang-aabuso.
- Para sa lahat ng nag-aalala tungkol sa mga pagkalito sa dami ng relihiyon at pakikipaglaban dahil sa napakaraming iba't-ibang paniniwala, mahalaga na makilala nila si Hesus, ang nag-iisa at tanging pumarito upang magbigay ng kapatawaran sa lahat ng uri ng kasalanan. Karamihan ng ibang relihiyon ay nakatuon sa iba't-ibang paraan upang mawala ang kasalanan nang hindi tinatanggap kung ano ang ipinagkaloob ng Manlilikha para sa kanilang kapatawaran.

Ang isang Espirituwal na Pamilya na naitatag ng dahil sa pag-ibig at kapatawaran ni Hesu-Kristo ay kapaligiran na kailangan ng bawat tao upang matutunan nilang maisabuhay ang ganitong uri ng pag-ibig at pagpapatawad sa bawat aspeto ng kanilang buhay. Walang anumang uri ng gobyerno o pinakamakapangyarihang negosyo na makakapagbigay ng tulong nang katulad ng ginawa ni Hesu-Kristo, na pinili Niya na gumawa kasama ng Iglesia. At sa katapusan ng mundo, sinasabi ng biblia, walang alinmang gobyerno o negosyo ang mananatili maliban sa Iglesia (Pahayag 20:11-15).

Kapag ang bata ay lumaki sa isang mapagmahal, matatag na pamilya, makikinabang sila sa maraming paraan. Sa parehong kaparaanan ang bawat bagong Kristiyano ay makikinabang kapag sila ay lumago sa isang mapagmahal at matibay na Espirituwal na Pamilya. Sa parehong paraan ang lahat ng bagong Kristiyano ay nangangailangan ng Espirituwal na Pamilya, hindi mahalaga kung ikaw ay may kaloob ng pagiging ama o ina sa isang pisikal na pamilya. Ang plano ng Diyos sa lahat ng tao ay maging magulang at magkaroon ng mga anak, tulungan sila na

lumago at matuto na maging magulang sa kanilang sarili. Katulad din ng plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak na alagaan ang mga nakababata sa Espirituwal, tulungan sila na lumago at magpakarami pa ng Espirituwal na anak at tumulong din sa paglago nila.

Ang mga sumusunod ay pangunahing balangkas para sa Espirituwal na Pamilya na matatagpuan sa mga turo ni Hesus at ng Kanyang mga alagad na nakatala sa Bagong Tipan. May tatlong aspeto ito:

- Disenyo at Layunin ng Iglesia
- Tungkulin ng Iglesia

Ang mga talata sa biblia na nasa bawat aspeto ay ibinigay nang mas detalyado sa mga sumusunod na pahina.

Disenyo at Layunin ng Iglesia

Ang Tagapanguna, ang pinuno ng Iglesia

- Si Hesu-Kristo ang ulo ng Kanyang katawan, ang Pinuno ng Kanyang Iglesia- Efeso 1:22-23
- Si Hesu-Kristo ay nabubuhay sa bawat taong naniniwala sa Kanya sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu – Efeso 1:13-14
- Ang bawat mananampalataya ay miyembro ng Espirituwal na katawan ni Kristo – 1 Corinto 12:12-27

Ang mga Miyembro ng Iglesia

Ang mga Miyembro ng Iglesia ni Hesu-Kristo ay katulad ng isang Pamilya.

- Efeso 2:19, 1 Timoteo 3:15 – tayo ay kabilang sa sambahayan ng Diyos
- Juan 20:17 – tayo ay mga kapatid na ni Hesu-Kristo
- Hebreo 2:11-13 – hindi tayo ikinahihiya ni Hesus na maging parte ng Kanyang Pamilya!

Ang mga Miyembro ng Iglesia ni Hesu-Kristo ay katulad ng isang Katawan.

1 Corinto 12:12-31

- Ang lahat ng mga manananampalataya kay Kristo ay bumubuo sa katawan ni Kristo. Ang Katawan ni Kristo ay tinatawag din na Iglesia (1 Corinto 12:27-28).
- Tulad ng katawan, ang bawat miyembro ay may iba't-ibang kaloob at kakayahan upang maglingkod sa iba.

Ang mga Miyembro ng Iglesia ni Hesu-Kristo ay katulad ng isang Gusali.

1 Pedro 2:4-10

- Ang lahat ng manananampalataya ay tulad ng bato na bumubuo sa isang gusali.
- Si Hesu-Kristo ang batong panulukan - ang mahalagang bahagi ng pundasyon.

Ang mga Miyembro ng Iglesia ni Hesu-Kristo ay katulad ng isang babaing ikakasal.

2 Corinto 11:2, Pahayag 19:6-10

- Ang lahat ng manananampalataya kay Kristo ay bumubuo sa babaeng ikakasal kay Kristo. Ito'y minsan tinatawag na "Iglesia" at kasama ang lahat ng mananampalataya sa lahat ng dako at sa lahat ng oras.
- Ang mga lokal na grupo ng mananampalataya ay tinatawag din na Iglesia (1 Corinto 1:2).

Ang malapit na Kaugnayan sa mapagmahal na Manlilikha at Panginoon ng daigdig

Ang Katuparan ng layunin ng Iglesia ay makikita sa katapusan ng bibliya sa Pahayag.

- Ang Iglesia, ang babaing ikakasal kay Kristo, ay magiging kasama Niya magpakailanman – Pahayag 19:6-9

- Ang mga Miyembro ng Kanyang Iglesia ay mamumuhay para sa Kanya at magiging malapit sa Kanya magpakailanman (Juan 14:1-6, Pahayag 22:1-6).
- Ang lahat ng mananampalataya kay Kristo ay magpupuri at maglilingkod sa Kanya magpakailanman (Pahayag 7:9-17).

Ang Disenyo ng Diyos para sa Pamumuno ng Tao sa Iglesia

Si Hesu-Kristo ang pinuno ng Iglesia, katulad ng isang pamilya, Siya ay nagtalaga ng mga tao upang mamuno hanggang sa muli Niyang pagbabalik sa pisikal. Si Pedro, isa sa mga unang tao na tinuruan ni Hesus, ay naglarawan ng ganitong uri ng pamumuno sa 1 Pedro 5:1-4.

- Ang mga pastol (pastors), matatanda, tagapamahala ay magkakatulad sa termino ng salita na nagmamalasakit sa Iglesia. Sila ay magkakaibang tawag sa isang tao. 1Pedro 5:1-4
- Ang mga tagapanguna sa Iglesia ay dapat maging halimbawa sa Iglesia. 1 Pedro 5:1-4
- Ang mga tagapanguna ng Iglesia ay mga tagapaglingkod din. Marcos 10:42-44
- Ang mga pinuno ng Iglesia ay dapat pakainin ang Iglesia. Juan 21:15-17
- Ang mga pinuno ng Iglesia ay dapat na protektahan ang Iglesia. Gawa 20:28
- Ang mga pinuno ng Iglesia ay dapat na sanayin at kasangkapanin ang mga miyembro ng Iglesia. Efeso 4:11-16

Tulungan ang bawat isa

Sapagkat mahal na mahal ng Diyos ang bawat isa sa atin, nais Niya na tayo ay mamuhay kasama Niya ngayon at magpakailanman. Siya ay namatay para sa atin, tayo man ay gising o tulog tayo ay mabubuhay kasama Niya. Kaya nga magpalakasan tayo at tulungan lumago ang bawat isa, katulad na nga ng ginagawa ninyo ngayon (1 Tesalonica 5:10-11). Ang magpalakasan at itayo ang bawat isa ang pangunahing layunin ng Diyos para sa Kanyang mga anak.

Tulad din ng mga miyembro ng Iglesia na idinisenyo Niya upang magtulungan na maisakatuparan ang layunin ng Diyos. Katulad din ng mga bahagi ng ating Katawan (tainga, daliri, kamay at iba pa) na idinisenyo upang magtulungan at gumawa nang magkakasama upang magawa ang layunin ng ulo. Tayo ay magkakaiba subalit kailangan natin ang bawat isa.

- 1Corinto 12:12-30
- Efeso 4:11-16

Dinisenyo maging mahina at nangangailangan ng tulong

Ang katotohanan ay ayaw natin maging mahina at nangangailangan. Subalit ang Diyos, dinisenyo tayo na laging kailanganin natin Siya (Juan 15:1-5). Ang kadakilaan ng Diyos ay mas maliwanag pa kaysa sa ating mga kahinaan (2Corinto 12:9). Ang Iglesia ay dinisenyo upang gumawa bilang grupo ng mahihina at nangangailangan ng bawat isa (1 Corinto 12:12-16). Katulad ng ating pisikal na mga bahagi ng katawan, ang miyembro ng katawan ni Kristo ay idinisenyo na may iba't-ibang kakayahan, talento at personalidad.

Kapag ang bawat isa ay gumagawa ng sama-sama at nagkakaisa, ang lahat ay nakikinabang (Efeso 4:11-16).

- Gaano kadalas na kailangan ng iyong paa ang iyong mga kamay o ng iyong mga tainga? At kabaliktaran. Ganito ang pangangailangan natin sa bawat isa (1 Corinto 12: 12-26). Tulad ng mga pisikal na bahagi ng katawan, ang mga miyembro ng katawan ni Kristo ay dinisenyo na may iba't ibang kakayahan, likas na talino at personalidad. Kapag ang bawat miyembro ay nagtutulungan sa malapit na pagkakaisa, lahat ay nagbebenepisyo (Efeso 4: 11-16).
- Ano ang mangyayari kapag ang mga miyembro ng katawan ni Kristo ay hindi magpalakasan at hindi magtulungan na itayo ang bawat isa? (Hebreo 3: 12-13).

Isakatuparan ang nais ng Diyos para sa Mundo

Ang Iglesia ay katawan ni Kristo para sa layunin ng pagtupad sa Kanyang layunin sa mundo. Ang kanyang pagnanais ay para sa:

- Lahat ng tao sa mundo ay may pagkakataon na maligtas mula sa kasalanan - Juan 3: 16-17
- Lahat ng naligtas na mga tao (mga Kristiyano) ay maging malago sa buhay kasama ni Kristo - Efeso 4: 11-16
- Lahat ng mga bansa (mga pangkat ng mga tao) sa mundo ay kailangan sanayin upang maging mga disipulo at espirituwal na mga pamilya -Mateo 28: 18-20.

Liwanag sa Mundo

- Nang si Hesus ay nakasama natin sa pisikal, Siya ang representasyon ng Diyos sa mundo (Hebreo 1: 1-4).
- Ngayon ang Iglesia ay ang representasyon ng Diyos sa mundo. Si Hesus ang liwanag ng sanlibutan (Juan 1: 4), at pagkatapos ay sinabi Niya na ang Kanyang mga anak (ang iglesia) ay ang liwanag din ng mundo (Mateo 5:14, Filipos 2: 15-16).

Magparami ng Espirituwal na mga anak at magtatag ng Espirituwal na pamilya

Nang si Hesus ay naparito sa mundo, ang Kanyang pagnanais ay para sa mga tao na "ipanganak muli" sa Kanyang pamilya (Juan 3). Siya ay nagturo sa Kanyang mga disipulo na dalhin ang mga tao sa Espirituwal na pagsilang. Si Hesu-Kristo ang modelo ng isang Espirituwal na magulang para sa atin. Sinasanay niya ang Kanyang mga disipulo sa isang katulad na paraan na ang taimtim na pagpapalaki ng mga magulang at pagsasanay sa kanilang mga anak. Ito ay kagiliw-giliw na hindi Siya bumuo ng isang malaking organisasyon o institusyon, ngunit Siya ay tumuon lamang sa pagsasanay ng isang maliit na bilang ng mga tao sa pamamagitan ng personal na pakikipagkaibigan sa kanila, tulad ng

ginagawa ng mga magulang sa kanilang mga anak. Maaaring itinatag niya ang isang malaking paaralan upang turuan ang mga tao, dahil Siya ang pinaka-epektibong guro sa mundo. Sa halip, nakatuon Siya sa iilan, katulad ng isang magulang na naglaan sa ilang mga anak sa kanyang pamilya.

Yamang ang Iglesia ay isang Espirituwal na pamilya, ang mga pinuno ng mga iglesia ay maayos na tutularan ang modelo ni Hesus para sa pagpaparami ng mga Espirituwal na bata at pagsasanay ng espirituwal na mga ito. Sa pagsasaisip ng mga halimbawa ni Hesus, ang mga

sumusunod na tsart ay nagpapakita ng pagkakatulad sa pagitan ng espirituwal na pamilya (Iglesia) batay sa halimbawa ni Hesus at ng isang malusog na pisikal na pamilya.

Espirituwal na Pamilya	Pisikal na Pamilya
Normal na magkaroon ng bagong espirituwal na mga anak.	Normal na magkaroon ng bagong mga anak
Ang mga bagong Kristiyano (mga bata) ay nangangailangan ng tulong upang lumago	Ang mga sanggol ay nangangailangan ng tulong upang lumaki
Ang mga matatandang Kristiyano ay tutulong sa mga nakababata sa pamamagitan ng pagbibigay ng espirituwal na pagkain, pangangalaga at proteksyon	Ang matatanda ay dapat tulungan ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain, pangangalaga at proteksyon
Ang mga matatandang Kristiyano ay may responsibilidad na tumulong sa mga bagong Kristiyano sa lahat ng aspeto ng buhay	Ang mga magulang ay may responsibilidad na tumulong sa kanilang mga anak sa lahat ng paraan
Personal na relasyon at pag-unawa sa isang tao ay ang pinakamahusay na paraan upang matulungan ang mga tao	Personal na atensyon at pag-unawa sa bawat bata ay ang pinakamahusay na paraan upang matulungan ang mga bata
Ang mga lektura at magagandang programa ay mabuti, ngunit hindi ito sapat	Ang mga lektura at magagandang programa ay mabuti, ngunit hindi ito sapat
Hinuhubog ang kaisipan ng mga batang Kristiyano na pangkaraniwan lamang na sila ay magpasimula ng panibagong Espirituwal na pamilya	Hinuhubog ang kaisipan ng mga bata na pangkaraniwan lamang na sila ay magpasimula ng panibagong pamilya

Ang Susi sa Pagiging isang Magulang sa isang Espirituwal na Pamilya

Ang pinakamainam na paraan para matutunan ng isang tao na maging isang magulang ng isang pisikal na pamilya ay ang magkaroon ng isang sanggol kasama niya ang asawa, sila ang may responsibilidad na itaguyod ang sanggol at sanayin siya. Ang isang tao ay hindi maaaring matuto nang labis tungkol sa pagiging isang magulang sa pamamagitan lamang ng pagbabasa ng isang libro o sa pamamagitan lamang ng pag-aaral sa mga klase. Kailangan niyang gawin ang

responsibilidad para sa kanyang sariling anak. Ito ay totoo rin para sa isang taong nais na sanayin ang ibang alagad. Kung ang isang mag-asawa ay may isang sanggol at binigay ang sanggol sa kanilang mga magulang at ipasa ang responsibilidad, hindi nila ginagampanan ang pagpapalaki at pagsasanay sa sanggol. Kahit na bisitahin ng mga magulang ang sanggol minsan sa isang linggo, hindi nila inaako ang pananagutan para sa bata.

Ito ay totoo rin sa pagtulong sa ibang tao sa espirituwal. Nais ng Diyos na dalhin ng Kanyang mga anak ang responsibilidad na tulungan ang ibang tao na lumago sa bawat posibleng paraan. Ito ang susi sa pagiging espirituwal na magulang ng isang espirituwal na pamilya. Kapag ang isang tao ay ginampanan ang responsibilidad para sa paglago ng isang batang Kristiyano sa bawat bahagi ng kanyang buhay, hindi lamang ang batang Kristiyano ang gumawa ng mas mahusay na pag-unlad, ngunit ang espirituwal na magulang ay lalong lumalaki sa kanyang pagkatao (tulad ng pasensya, tiyaga, pag-ibig, at pagtitiwala sa Diyos) at sa kanyang kaugnayan sa Diyos.

Itaguyod ang katotohanan sa Mundo

1 Timoteo 3:15 - Ang Iglesia ay ang haligi at suporta ng katotohanan para sa mundo.

Maging isang Pagpapala sa Mundo

Si Hesus ay naging isang pagpapala sa mundo.

- Sa Kanyang sermon sa bundok, itinuro ni Hesus kung paano magiging mapalad ang mga tao (Mateo 5).
- Itinuro ni Hesus na ang paniniwala sa Diyos at pagsunod sa Salita ng Diyos ay ang pinagmulan ng pagpapala (Lucas 11:28, Juan 13:17, 20:29).
- Sinabi ni Hesus na lahat ng nasa kaharian ng Diyos ay pinagpala (Lucas 14:15).
- Pinagpala ni Hesus ang mga tao sa pamamagitan ng pagliligtas sa kanila mula sa kasalanan (Gawa 3:26).
- Si Hesus ay isa ring mula sa lahi ni Abraham, tumulong Siya na matupad ang pangako ng Diyos na si Abraham at ang mga inapo ay magiging pagpapala sa mundo (Mga Gawa 3: 25-26).
- Ang lahat ng tao sa mundo na naniniwala kay Hesu-Kristo ay pinagpala (Roma 4: 6-12, Galacia 3: 8-9).
- Ang lahat ng mga mananampalataya kay Kristo ay pagpapalain sa hapunan ng kasal ng Kordero (Pahayag 19: 9).

Ang mga tagasunod ni Hesu-Kristo (ang iglesia) ngayon ay nagdadala ng pagpapala ni Kristo sa lahat ng tao sa mundo. (Mateo 28: 18-20).

Ang Tungkulin ng Iglesia

Upang matupad ang mga layunin ni Hesu-Kristo sa mundo (tulad ng nakalista sa "Disenyo at Layunin ng Iglesia"), ang bawat miyembro ng Iglesia (espirituwal na pamilya) ay nangangailangan ng dalawang uri ng relasyon. Si Hesus ay naglarawan ng mga ganitong uri ng ugnayan sa Juan 17 nang Siya ay nananalangin sa Kanyang Ama tungkol sa hinaharap ng Kanyang mga alagad at lahat ng maniniwala sa Kanya.

1. Magkaroon ng malapit, lumalagong relasyon sa Panginoon - magkaisa
2. Magkaroon ng malapit, at lumalagong relasyon sa iba pang mga mananampalataya kay Kristo - magkaisa

Dinisenyo tayo ng Diyos upang tulungan ang bawat isa na may parehong uri ng mga relasyon. Upang maisagawa ang mga ito, binigyan tayo ng iba't ibang mga kaparaanan sa pagtuturo.

Tulungan ang bawat isa na magkaroon ng isang malapit na kaugnayan kay Kristo

Ang unang espirituwal na pamilya (Iglesia) sa Jerusalem, pagkatapos na umalis si Jesus, ay isang magandang halimbawa ng pagtulong sa isa't isa na magpatuloy sa isang malapit na kaugnayan kay Kristo. Ginawa nila ito sa mga sumusunod mga paraan (Gawa 2: 42-47):

- Nakatuon sa salita ng Diyos (pag-aaral at pagsasabuhay nito)
- Tapat sa pamilya ni Kristo, pagbabahagi ng buhay sa isa't isa at pagtugon sa mga pangangailangan ng bawat isa
- Nakatuon sa pagpira-piraso ng tinapay nang sama-sama, ay nangangahulugang inaalala ang huling hapunan ng Paskuwa kasama si Hesus nang pagpira-pirasuhin Niya ang tinapay sa kanila at sinabing ito ay kumakatawan sa Kanyang katawan (Lucas 22:19, 1 Corinto 11: 23-25). Ang kahulugan ng salitang ito na "pagpira-piraso ng tinapay" ay maaaring maging higit pang malinaw na nakita pagkatapos ng pagbabasa ng mga talata kung saan ito ginagamit, Mga Gawa 2:42, 46, at 20:7. Ito ay simpleng paraan ng pagsamba na ginawa sa pamamagitan ng paggamit ng tinapay at katas ng ubas upang matulungan tayong tumuon Kay Hesus na nagsakripisyo ng kanyang sarili bilang Kordero ng Diyos. Ang sakripisyo ng Kanyang buhay para sa atin ang tanging batayan para ang parusang kamatayan natin ay mabayaran, na nararapat sa ating kasalanan. Ipinapaliwanag din ni Pablo ito sa 1 Corinto 10:16.
- Nakatuon sa pakikipag-usap sa Diyos tungkol sa lahat (panalangin)
- Nakatuon sa pagnanais ni Kristo na maabot ang nawala.

Dahil ang mga ito ay nakatuon kay Hesu-Cristo, ang mga mananampalataya sa Mga Gawa 2:42 ay nakatuon sa mga bagay na nakatulong sa kanila na magkaroon ng isang malapit, at lumalagong kaugnayan kay Kristo.

Tulungan ang bawat isa sa lahat ng aspeto ng buhay

- Dalhin ang mga pasanin ng bawat isa - Galacia 6: 1-2
- Ikumpisal ang kasalanan sa bawat isa at manalangin para sa bawat isa - Santiago 5:16
- Magpaumanhinan sa isa't isa at patawarin ang isa't isa - Colosas 3:13
- Palakasin ang bawat isa araw-araw - Hebreo 3: 12-13
- Madalas na pagtitipon - Mga Hebreo 10: 24-25
- Magturo, magpaalalahanan at umawit nang magkakasama - Colosas 3: 15-16

- Manalangin para sa isa't isa - Efeso 6:18
- Bigyan ang bawat isa - Mga Gawa 2:45
- Tulungan ang bawat isa sa pisikal na mga pangangailangan - 1 Juan 3: 17-18

Tulungan ang bawat isa sa mga Maliliit na Grupo ng Pagdidisipulo

Nagtakda si Hesus ng pinakamahusay na halimbawa sa pagtulong sa bawat isa na lumago bilang Kanyang mga disipulo. Ginawa nila ito sa loob ng mahabang panahon, na kung saan ay tinutulungan sila ni Hesus na isabuhay ang katotohanan ng Diyos sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay. Ang mga praktikal na aplikasyon ng Kanyang halimbawa ay ipinaliwanag sa ikalawang aklat, "Mga Pangunahing Kaalaman ng Pagsasanay ng Diyos." Ang paliwanag na ito ay matatagpuan sa pambungad, na nasa bawat ilalim ng mga pamagat: **Ang pinakamahusay na paraan para malaman ang mga pagsasanay ay gawin ang mga pangunahing kaalaman at mga alituntunin para sa maliit na grupo ng disipulo.**

Tulungan ang bawat isa na abutin ang wasak na mundo sa pamamagitan ng pag-ibig at katotohanan ni Kristo

Pagkatapos ng muling pagkabuhay ni Hesus, ang pinakakaraniwang tagubilin na ibinigay Niya sa tuwing nakikipag-usap Siya sa isang grupo ng Kanyang mga tagasunod ay ang paghiling Niya sa kanila na sabihin sa ibang tao ang tungkol sa Kanya-Mateo 28: 18-20, Marcos 16: 15-16, Lucas 22: 46-49, Juan 20:21, Mga Gawa 1: 8. Maliwanag Niyang itinuro sa Kanyang mga tagasunod na abutin ang bawat tao sa mundo ng Kanyang pag-ibig at katotohanan. Hindi lamang ito isang prebilihiyo kundi ito ay isang responsibilidad sa bawat isa, hindi lamang ng mga lider ng iglesia.

Nakakatiyak tayo sa ibinigay na halimbawa ni Hesu-Kristo, ang pinaka-epektibong estratehiya para maabot ang karamihan sa mga tao sa mundo kasama ang Kanyang pagmamahal at katotohanan. Siya ang pinakamahusay na guro at kaya Niyang maglakbay sa mga lungsod sa buong mundo at magturo sa libu-libong tao, ngunit sa halip ay ginugol Niya ang Kanyang buong oras ng ministeryo na nakatuon sa malalim, lubusang pagsasanay ng labindalawang mga alagad Niya. Pagkatapos, bago pa Siya umalis, hiniling ni Hesus sa kanila na turuan ang iba na gawin ang katulad ng itinuro Niya sa kanila. Alam niya na ito ay ang pinaka-epektibong estratehiya upang maabot at matulungan ang karamihan ng mga tao sa mundo. Ang mga malalaking organisasyon at simbahan ay kaakit-akit, ngunit ang kanilang pagiging epektibo ay limitado kung ang kanilang pangunahing estratehiya ay hindi ang pagpaparami ng mga maliliit na espirituwal na pamilya tulad ng ginawa ni Hesus.

Kilala at pinangangalagaan ng mga pastor / pastol ang kanilang mga miyembro

Ang Diyos ay nagbibigay ng responsibilidad sa bawat espirituwal na lider na alagaan ang mga tao sa ilalim ng kanilang pangangalaga (1 Pedro 5: 1-4). Inilarawan ni Hesus ang halimbawa ng isang pastol sa Juan 10: 1-18. Siya ang pangunahing halimbawa, at ang mga tao na pastol ay dapat sundin ang Kanyang halimbawa hangga't maaari. Ang mga pastol (pinuno ng simbahan) ay dapat na kilalanin ang bawat isa sa kanyang mga tupa na nasa ilalim ng kanyang pangangalaga at ang bawat isa sa mga tupa (mga miyembro ng simbahan) ay dapat kilalanin ang kanilang pastol sa isang personal na paraan. Kung hindi ito tunay na nangyayari sa isang

espirituwal na pamilya (simbahan), ang grupo ay marahil mas tulad sa isang negosyo kaysa sa isang pamilya.

Katangian ng mga Namumuno

Sa tuwing binabanggit ang pamumuno ng iglesia sa Bagong Tipan, dalawang gawi ang nakalahad. Ang mga ito ay –

- Pagkakapantay pantay ng mga lider (matatanda) sa isang Iglesia - Gawa 20:17, Hebreo 13:17, Tito 1: 5, 1 Pedro 5:14, at iba pang mga talata.
- Ang mga lalaki bilang mga lider - Pinili ni Jesus ang mga lalaki upang sanayin bilang mga lider (Marcos 3: 13-19), at sinabi ni Pablo na ang mga lalaki ay dapat na maging lider sa simbahan (1 Timoteo 3: 1-7, Tito 1: 6-9).

Ang parehong mga gawi ay mga kagustuhan lamang at hindi isyu ng tama o mali. Ang mga ito ay isa lamang halimbawa ngunit hindi iniutos

Nakagawian na ang mga lalaki ang may responsibilidad sa pamumuno, ito ay katulad din ng papel ng asawang lalaki bilang lider sa mag-asawa at pamilya. Ang prinsipyong ito ay higit pang ipinaliwanag sa manwal na ito sa ilalim ng pamagat na, "Ang mga asawang lalaki ay idinisenyo upang maging responsableng mga pinuno", na nasa bahagi ng, "Disenyo at Layunin ng Pamilya". Ang prinsipyong ito ay hindi nangangahulugan na ang mga kalalakihan ay higit na mahalaga kaysa sa kababaihan. Mayroon silang iba't ibang tungkulin dahil sa pagkakaiba ng kanilang disenyo. Nakita ito sa simula pa lang ng Biblia kung saan nilikha ng Diyos ang lalaki at babae sa Kanyang larawan ngunit binigyan Niya sila ng iba't ibang tungkulin.

Ang isang iglesia ay mas matibay kung ang mga lalaki ay may pagmamahal sa responsibilidad nila na maging mga lider, tulad ng isang pamilya na mas malusog kapag ang isang ama ay nagkakaroon ng pagmamahal sa kanyang pananagutan na manguna, sa tulong at pagsama ng kanyang asawa.

Ang pagpaparami ng namumuno sa isang iglesia ay nangangahulugan na ang dalawa o higit pang mga pinuno ay nagtatrabaho nang sama-sama bilang isang pangkat. Ang bawat isa ay may pantay na pananagutan sa iglesia, ngunit hindi ibig sabihin niyon na ginagawa nila ang lahat ng parehong mga bagay o lahat na sila ay naglalaan ng parehong oras ng paglilingkod sa simbahan. Makikita natin ang pagpaparami sa Bagong Tipan sa pamamagitan ng halimbawa at hindi dahil sa inuutos, at nangangahulugang hindi mali para sa isang iglesia na magkaroon ng isang taong mamumuno sa pagdedesisyon. Tulad ng isang pamilya, karaniwang mas malakas kung may dalawang mga magulang na nagtutulungan, gayon din sa isang simbahan, kadalasan ay mas mabuti na may dalawa o higit pang mga pinuno na magtatrabaho nang sama-sama kaysa sa nag-iisang lider na gumagawa ng mga desisyon sa isang iglesia. Ang pagkakaroon ng pagkakapantay-pantay ng mga lider ay kapaki-pakinabang sa maraming paraan:

- Ito ay isang mahusay na paraan upang ihalimbawa ang pag-ibig at pagkakaisa

- Mayroong mas dakilang karunungan kapag ang karanasan, kaalaman, at talento ay pinagsama-sama mula sa higit na isang tao.
- Nagkakaloob ito ng suporta at proteksyon para sa mga lider.
- Pinoprotektahan nito ang masasamang desisyon.
- Itinataguyod nito ang kapakumbabaan.

Ang pagkakasundo sa paggawa ng desisyon ay mahalaga para sa karamihan ng namumuno. Ito ay naiiba kaysa sa paggawa ng mga desisyon sa pamamagitan ng isang boto ng mayorya o ng nakakatandang lider na gumagawa ng huling desisyon. Ang talakayan na may kababaang-loob ay kinakailangan. Ang lahat ng mga lider na mula sa isang kasunduan (pinagkasunduan) ay karaniwang gumugugol ng mahabang oras kaysa iba pang mga pamamaraan, ngunit ang resulta ay napakaganda. Ang mga sumusunod ay mga praktikal na gabay upang magkaroon ng pagkakasundo sa paggawa ng desisyon:

- Manalangin nang sama-sama.
- Makinig nang mabuti sa opinyon ng bawat isa at magtanong upang maunawaan ang mga kanya-kanyang dahilan.
- Bigyang daan ang ibang tao. Ipakita ang pagpapahalaga at paninindigan.
- Ipahayag muli ang nasa isip ng ibang tao sa isang isyu at kung bakit mahalaga sa kanya ang kanyang pananaw.
- Bigyan ng oras ang pagproseso. Sa mabilis na pagpapasya ay maaaring mapabayaang ang ilan sa mga isyu.
- Maghanap ng mga solusyon na tumatanggap sa lahat ng punto at panukala ng bawat tao.
- Sumang-ayon o magbigayan sa bawat isa hangga't maaari.

TANDAAN: Ang mga prinsipyong ito ay mahalaga din para sa mga mag-asawa na gumawa ng mga desisyon.

Tunay na mahalaga ang mga ito para sa bawat sitwasyon kung saan ang mga tao ay kailangang gumawa nang sama-sama.

Mga katangian ng isang Lider ng Iglesia

Kailanman ay walang taong perpekto, ngunit ang mga mas malago at ang ginagamit ng Diyos na tulungan ang iba ay dapat na kilalaning mas matanda o "nakatatanda" kaysa sa iba. Dalawang lugar ang nagtala ng mga katangian para sa mga matatanda (tinatawag ding mga pastor, tagapangasiwa, obispo).

- 1 Timoteo 3 at Tito 1:6-9
 - Halimbawa ng mga magagandang katangian
 - Matatag na lumalakad kasama ng Diyos
 - Matatag na buhay mag-asawa at pamilya
 - May kakayahang magturo (sa grupo o indibidwal)

- Subok na ang buhay kasama ang Diyos
 - Mga kalalakihan
- 1 Pedro 5:1-4 – May halimbawa ng kabanalan sa iba

Dyakono (ibang tawag para sa “tagapaglingkod”) - Ang terminong ito ay bihirang ginagamit sa Bagong Tipan (Mga Gawa 6 ay nagbibigay halimbawa sa papel na ito at ang 1 Timothy 3 ay nagbibigay ng mga katangian). Dahil dito, alam natin na ang pagkakaroon ng mga Diakono ay hindi masyadong kinakailangan sa isang iglesia, ngunit maaari itong maging kapaki-pakinabang minsan sa panahon ng pangangailangan. Kapag may isang mahabang panahon na gawain na gagawin sa simbahan, isang tao (lalaki o babae) ay maaaring italaga upang maging isang pinuno upang matupad ang gawaing iyon. Paalala - Mga Taga Roma 16:1 ay pagsasalita ng isang diakonesa (babae) sa simbahan.

Paalala sa mga apostol: Dahil ang mga pangunahing kinakailangan ng isang Bagong Tipan na apostol ay kinabibilangan ng mga kasama ni Hesus at nakakita sa Kanya, sa Kanyang nabuhay na muling katawan (Gawa 1: 21-25, 1 Corinto 15: 7-9), walang sinuman sa ngayon ay maaaring makilala bilang isang apostol sa parehong paraan. Ang mga lider at matatanda ng simbahan ngayon ay tiyak na susundin ang mga halimbawa ng gawain ng mga apostol, ngunit wala man isa sa kanila ngayon ang kwalipikado na italaga bilang isang apostol ayon sa kahulugan ng Bagong Tipan ng salitang apostol.

Sinusuportahan ng mga Miyembro ang mga Pastor / Pastol

Bago dumating si Hesus, ang mga espirituwal na pinuno ng Israel ay ang mga Levita. Sa Bilang 18:8-32 mababasa natin na ang plano ng Diyos ay para sa ibang mga Israelita na bigyan ng materyal na mga pangangailangan ang mga Levita, kaya sila ay nagkaroon ng sapat na oras upang magkaloob ng espirituwal na ministeryo para sa lahat.

Nang narito si Hesus, hindi Niya hinihiling ang sinuman na magkaloob para sa Kanyang mga pangangailangan. Ngunit marami sa kanyang ang mga tagasunod ay kusang ginawa ito. Nagbigay si Hesus ng mga tagubilin para sa atin na mag-impok ng mga kayamanan sa langit (Mateo 6: 19-20) at hindi sa mga kayamanan sa lupa.

Matapos itatag ang iglesia sa Bagong Tipan, ipinaliwanag ni Pablo na ang pinansiyal na suporta, ang mga lider ay nagbibigay-daan sa kanila na maglingkod nang mas malaya (1 Timoteo 5: 17-18). Ipinaliwanag din iyon ni Pablo na ang mga espirituwal na lider ng iglesia ay may karapatang tumanggap ng pinansiyal na suporta mula sa mga pinaglingkuran niya (1 Corinto 9: 3-15). Gayunpaman, hindi hiniling ni Pablo ang suporta ng mga tao, ngunit itinuro niya na ito ay isang magandang bagay para sa mga miyembro ng simbahan na gawing kusang-loob.

Sinabi ni Hesus, "Hanapin muna ang Kanyang kaharian at ang Kanyang katuwiran, at lahat ng mga bagay na ito (mga pangangailangan sa materyal) ay ibibigay din sa iyo" (Mateo 6:33). Ang isang praktikal na paraan upang mauna ang Diyos sa iyong buhay ay ang sundin ang parehong

prinsipyo na itinuro ng Diyos sa mga tao ng Israel na ibigay ang ikasampung bahagi ng iyong kita sa Diyos sa oras na matanggap mo ito, at pagkatapos ay ipagkatiwala sa Kanya upang matugunan ang iyong mga pangangailangan sa iyong mga natitira. Tulad ng itinuro sa mga tao ng Israel, ang unang ikasampung bahagi ng kanilang kita (ikasampung bahagi) ay ibinigay sa Diyos para sa suporta ng kanilang espirituwal na mga lider (Mga Bilang 18: 8-32). Ang prinsipyo ng pagbibigay ng ikapu sa Diyos ay isang praktikal na paraan ng pagpapahayag ng ating pagsamba sa Diyos, ng ating pasasalamat sa Kanya, at ng ating pagtitiwala sa Kanya. Sa katunayan, kung lalo nating nadarama na hindi natin magagawa ang magbigay ng ikapu, mas malaki ang pagkakataong ipakita ang ating pagtitiwala sa Diyos sa halip na magtiwala sa ating sariling kakayahang kontrolin ang ating buhay (Mga Kawikaan 3: 5-6). Nang gawin ito ng mga Israelita, sinabi ng Diyos na sila ay pagpapalain Niya (Malakias 3: 10-11), at ang parehong prinsipyo ay totoo para sa atin ngayon. Hindi nito ibig sabihin na ang pagpapala ng Diyos ay palaging magiging pinansiyal. Gustung-gusto niyang pagpalain tayo sa lahat ng aspeto ng ating buhay.

Ang mga Iglesia ay dapat na nagtutulongan sa bawat isa

Tulad ng ipinaliwanag sa "Disenyo at Layunin ng Iglesia," dinisenyo ng Diyos ang Kanyang mga tao

na kailangan ang bawat isa upang magawa ang halos lahat ng layunin sa buhay. Hindi lang namin kailangan ang bawat isa sa isang personal na antas, ganun din sa antas ng mga Iglesia na nagkakaisa.

Si Hesus ay kumbinsido na ang pagkakaisa ng Kanyang mga tagasunod ay napakahalaga para sa Kanyang layunin sa pagpapakita sa mundo kung sino Siya (Juan 17:11, 20-23). Mayroong maraming aspeto sa pagkakaisa na ito:

1. Pagkakaisa ng mga indibidwal sa isang lokal na Iglesia
2. Pagkakaisa ng mga Iglesia sa isang lungsod
3. Pagkakaisa ng mga Iglesia sa buong bansa
4. Pagkakaisa ng mga Iglesia sa buong mundo

Ang uri ng pagkakaisa ay inihalimbawa sa Bagong Tipan.

